**31 Hulyo 2024**

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. ___504___ s. 2024

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024**

SA: Katuwang na Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe, Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto
Hepe, Pamumuno at Operasyon ng Paaralan
Punong-guro ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
Sa Lahat ng Kinauukulan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon-Dibisyon ng Lungsod ng Tayabas sa pamamagitan ng Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto, ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2024** na may temang **"Filipino: Wikang Mapagpalaya"**, ngayong ika-1 hanggang 31, ng Agosto 2024 alinsunod sa itinakdang Pambansang Proklamasyon Bilang. 1041 s. 1997, sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampangunahing Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Hinihikayat na ang lahat ng Tanggapan at Paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon-Dibisyon ng Lungsod ng Tayabas na makibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa darating na Agosto 2024 sa pamamagitan ng sumusunod:

a. pagsusuot ng barong, filipiniana o mga katutubong kasuotan tuwing araw ng Lunes, sa pagtataas ng watawat;
b. mungkahing paggamit ng wikang Filipino sa mga ugnayang pulong, programa o gawain;

b. mungkahing paggamit ng wikang Filipino sa mga ugnayang pulong, programa o gawain;
c. pagpapakinig ng awiting Makabayan tuwing 12:00 ng tanghali;
d. pagpapalabas o pagpapanood ng mga dokumentaryo gamit ang DepEd 4A FB Page, DepEd Tayo Tayabas, at ang DepEd Tayo FB page ng bawat paaralan hinggil sa sumusunod ng lungguhang tema sa buwan ng Agosto:
    - **FSL tungo sa Inklusibong Pambansang Kaunlaran**: Pagpapakita ng kahalagahan ng Filipino Sign Language sa pagpapaunlad ng isang inklusibong Lipunan.
    - **Sistematikong at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran:** Nagtatampok sa kahalagahan ng siyentipikong pananaliksik sa pamabansang kaunlaran.
    - **Paggamit ng Indigenous Knowledge System ang Practices (IKSP) sa Scientific Research:** Pagpapakita ng paggamit ng tradisyonal na kaalaman at kasanayan sa agham.
    - **Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa:** Pagpapakita ng kahalagahan ng mga katutubong wika sa edukasyon.
    - **Paglaban sa Misinformation (fact checking):** Naglalayong labanan ang maling impormasyon at pagsusulong ng tama at wastong datos.

e. pagsasagawa ng Pampaaralang Piyesta ng Talento sa Filipino-Read-A-Thon.
    a. Muling Pagkukuwento para sa Unang Yugto – Ikalawang Baitang,
    b. Interpretatibong Pagbasa para sa Ikalawang Yugto- Ikalimang Baitang
    c. Sulat-bigkas ng Talumpati para sa Ikatlong Yugto-Ikasiyam Baitang.
    d. iba pang kasanayan para sa iba pang baiting tulad ng Quiz Bee, pagtatanghal, pagsulat ng sariling-kathang kwento, pabuo ng islogan, dramatikong pagbasa, pagbasa o pagpapanood ng mga natatanging kuwento tulad ng mga Alamat, kuwentong bayan, pagsulat ng mga sulating pamamahayag at iba pang kaugnay nito.
    e. Kuwentong Basa ni Tatay/Nanay para sa mga magulang at tagapangalaga, at
    f. pagkilala sa guro o kawani ng paaralan na nakakumpleto at may pinaka-natataging barong, filipiniana o mga katutubong kasuotan tuwing araw ng Lunes, sa pagtataas ng watawat.

f. pagsasagawa ng Piyesta ng Talentong Klaster- Read-A-Thon sa huling linggo nga buwan ng Agosto sa pangunguna ng mga punong-guro sa bawat klaster at sa pamamatnubay ng mga nakatalagang supervisor. Ang sino mang tinanghal na kampeon sa muling pagkukuwento, interpretatibong pagbasa, sulat-bigkas ng talumpati at kuwentong bas ani Tatay/Nanay ang siyang opisyal na kalahok sa darating na Pandibisyong Piyesta ng Talento.


**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph

g. pagdalo ng Tagapamanihala Pansangay, mga Kawaksing Tagapamanihalang Pangsangay, mga hepe ng CID at mga Tagamasid Pansangay sa Filipino na dumalo sa pagbubukas ng Buwan ng Wikang Pambansa sa ika-2 ng Agosto, 2024 sa ganap na 9:30 ng umaga hanggang hapon sa El Cielito Hotel, Lungsod ng St. Rosa. Samantalang ang mga punong-guro, dalubguro at guro, ay makikbahagi sa birtuwal na palatuntunan na mapapanood sa *Facebook Live*.

h. Inaasahan din na ang bawat paaralan ay magsusumiti ng isang naratibong ulat sa nagawang pagdiriwang sa ika-2 ng Setyembre, 2024 upang bigyang daan ang pagbuo ng ulat para sa Rehiyon sa ika-6 ng Setyembre, 2024.

i. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa CID sa telepno blg. (042) 785-9615.

j. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**CELEDONIO B. BALDERAS, JR.**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Encl: As stated
Reference: RM 505 s. 2024
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

BUWAN NG WIKA
PAGBASA

CID – padiriwang ng buwan ng wikang pambansa 2024
*CIDFFL15-000877 / July 31, 2024*


**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph